



PAPURI SA DIYÓS.....

# Litúrhiya ng Salitâ

**UNANG PAGBASA**..... Levitico 13:1-2, 44-46  
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Aklat ng Levitico

Sinabi ng Panginoón kina Moises at Aaron,  
“Kung ang balat ninuman ay magbago ng kulay,  
mamaga o kaya’y magkaroon ng singaw na parang ketong,  
dadalhin siyâ kay Aaron o sa mga anak niyâng saserdote.

Ituturing siyâng marumi at di ito dapat kaligtaang ipahayag ng saserdote.  
Ang may ketong ay dapat magsuot ng sirang damit,  
hindi magsusuklay,  
tatakpan ang kaniyâng nguso  
at laging sisigaw ng ‘Marumi! Marumi!’  
Hanggang may sugat,  
siyâ’y ituturing na marumi  
at sa labas ng kampamento mamamahay na mag-isa.”

**TUGÓN SA SALMO**

Sa ‘yong tulong at pagtubos akó’y binigyan mong lugod!

**SALMO:** Salmo 32:1-2, 5, 11  
Babasahin/aawitin ni

Mapalad ang tao na pinatawad na yaong kasalanan,  
at nalimot na rin ang kaniyâng nagawang mga pagsalansang.  
Mapalad ang taong sa harap ng Poon ay di naparatangan  
dahilan sa siyâ ay di nagkasala at hindi nanlinlang.

Akó ay lumapit sa iyong harapan at sala’y inamin,  
ang aking ginawang mga pagsalansang di ko inilihim.  
Pinagpasiyâhan kong ang lahât ng ito sa iyo’y idaing,  
at aking natamo ang iyong patawad sa sala kong angkin.

Lahât ng matuwid at tapat sa Poon,  
magalak na lubos,  
dahil sa natamo nilang kabutihang kaloob ng Diyós.  
Sumigaw sa galak ang lahât ng taong sa kaniyâ’y sumunod!

**IKALAWÁNG PAGBASA**..... 1 Taga-Corinto 10:31-11:1  
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:  
Kung kayo’y kumakain o umiinom,  
o anuman ang ginagawa ninyo,  
gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.

Huwag kayong maging sanhi ng pagkakasala ninuman –  
 ng mga Judio, ng mga Griego,  
 o mga kaanib sa Simbahan ng Diyos.  
 Ang sinisikap ko nama'y  
 mabigyang kasiyahan ang lahat ng tao sa bawat ginagawa ko;  
 hindi ko hinahanap ang sarili kong kapakanan  
 kundi ang kapakanan ng marami,  
 upang maligtas sila.  
 Tularan ninyo ako,  
 gaya ng pagtulad ko kay Kristo.

**MABUTING BALITA**..... Marcos 1:40-45

Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

Noong panahong iyon,  
 may isang ketonging lumapit kay Hesus,  
 nanikluhod at nagmakaawa:  
 "Kung ibig po ninyo'y mapagagaling ninyo ako."

Nahabag si Hesus at hinipo siya,  
 sabay ang wika,  
 "Ibig ko.  
 Gumaling ka!"  
 Noon di'y nawala ang ketong at gumaling ang tao.

Pinaalis siya agad ni Hesus matapos ang ganitong mahigpit na bilin:  
 "Huwag mong sasabihin ito kaninuman.  
 Sa halip ay pasuri ka sa saserdote.

Pagkatapos,  
 maghandog ka ayon sa iniutos ni Moises,  
 upang patunayan sa mga tao na ikaw ay magaling na."

Ngunit umalis siya at bagkus ipinamalita ang nangyari,  
 anupa't hindi na hayagang makapasok ng bayan si Hesus.

Naroon na lamang siya sa labas,  
 sa mga ilang na pook,  
 at doon pinagsasadya ng mga tao buhat sa iba't ibang dako.

**HOMILYA**

**PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**PANALANGIN NG BAYAN**

- .. Para sa Simbahan
- .. Para sa mga Kinaukulan
- .. Para sa Nangangailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- .. Para sa mga Dumaló sa Misang Itó

*Litúrhya ng Eukaristiya*

Ihahatid ang mga Alay niná

**MAAARING AWIT SA PAG-AALAY**

Mula sa 'Yo ..... M. Francisco SJ  
 Narito Akó ..... René San Andrés

**SANTO, SANTO, SANTO**

**Santo, Santo, Santo**

**Moderato** (♩ = c. 120)

San - to, san - to, san - tong Pangi-no - ong D'yos ng  
 ma - nga huk - bo! Na - pu - pu - no ang la - ngit at  
 lu - pa ng 'yong ka - da - ki - la - an! O - sa - na sa ka - i - ta - a -  
 san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! Pi - nag - pa - la ang na - pari -  
 ri - to sa nga - lan ng Pangi - no - on! O - sa - na sa  
 ka - i - ta - a - san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san!

*D.S. al Fine*

## PAGBUBUNYING PANG-ALAALA

## Sa Krus Mo at Pagkabuhay

Andante (♩ = c. 90)

Sa krus mo at pag - ka - bu - hay ka -  
 mí'y na - tu - bos mong tu - nay, Po - óng He - sus na -  
 ming ma - hál, i - lig - tás mo ka - ming ta - nán nga -  
 yón at mag - pa - kai - lan - mán.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrihyá sa Tagalog.  
 Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero.

## DAKILANG AMEN

Victor Eclar Romero

Andante (♩ = c. 98)

A - men, A - men, A - - - - men!

Tugtugin © 2011 Victor Eclar Romero. All rights reserved. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)

PANALANGIN NG PANGINOÓN.....

## KORDERO NG DIYÓS

## Kordero ng Diyos

Moderato (♩ = c. 100)

D A D/F# D G

Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G D/F# G D

7 la-nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

G A D Bm G

14 — Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

A D Bm G D/A G D

20 la - nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

D A D/F# D G

27 — Kor-de-ro ng D'yos na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G A D Bm

33 lanan ng san-li-bu - tan, i - pag-ka-lo-ob mo sa a - min

G D/F# G D

40 ang — ka - pa - ya - pa - - - an.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhíyá sa Tagalog.  
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

## MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Sa Diyós Lamang Mapapanatag ..... Danny Isidro SJ and Nemy Que SJ  
Pananalig ..... Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ  
Diyós ay Pag-ibig ..... E. Hontiveros SJ  
Dakilang Pag-ibig ..... Pangilinan and E. Hontiveros SJ  
Awit (Salmo) 063 ..... Victor Eclar Romero  
Awit (Salmo) 063: Awit ng Paghahangâd ..... Charlie Cenzone SJ

## MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Humayo Tayo ..... E. Hontiveros SJ  
Magpasalamat kayó sa Panginoón ..... Fruto Ramirez SJ

Sino'ng Makapaghihiwaláy? ..... Anunciata

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».  
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin  
kay G. JR Medina ng Parokya ng « Kalinislinisang Paglililihi kay Maria » sa Vista Verde, Caintâ, Rizal  
at sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

6 Linggó sa Karaniwang Panahón - B | 02/12/2012 | Leksyonaryo 77 | Gulóng B  
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. [www.bible.org.ph](http://www.bible.org.ph)  
Litúrhiya. Filipino. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)